

Sabay Tayong Tumawag sa mga Employer – Walk-in Service

Ang Sabay Tayong Tumawag sa mga Employer – Walk-in Service ay isang madaling lapitang serbisyo ng International Residents Services ng Lungsod ng Hämeenlinna. Para ito sa mga international residents na naghahanap ng trabaho, internship (*työharjoittelu*), o work trial (*työkokeilu*). Dito, makakakuha ka ng gabay sa paghahanap ng trabaho at suporta sa pakikipag-ugnayan sa employer.

Para kanino ang serbisyo?

Ang serbisyo ay para sa lahat ng international residents na nakatira sa Hämeenlinna.

Maaari kang pumunta sa serbisyo kung:

Alam mo na kung saang trabaho, internship, o work trial ka gustong mag-apply at kailangan mo ng suporta sa pakikipag-ugnayan sa employer.

Kailan at saan ang serbisyo?

- **Miyerkules, 10:00–12:00** (kasabay ng Sinhala service)
- **Biyernes, 13:00–15:00** (kasabay ng Tagalog service)

Lugar: Palvelupiste Kastelli, Wetterhoffinkatu 2

Hindi kailangan ng appointment. Maaari kang direktang pumunta sa oras ng serbisyo.

Ano ang ginagawa sa serbisyo?

Sa serbisyo:

- makakakuha ka ng gabay sa paghahanap ng trabaho
- matututunan mo kung paano makipag-ugnayan sa employer
- maaari mong praktisin kung ano ang sasabihin kapag tumatawag sa employer
- maaari kayong tumawag sa employer kasama ang service advisor (*palveluneuvoja*)

Hindi kami maghahanap ng trabaho para sa iyo, gagawa ng CV, o magsusulat ng job application para sa iyo. Ang layunin ng serbisyo ay tulungan kang matutong makipag-ugnayan sa mga employer nang mas may kumpiyansa at mas independent, at matulungan kang makapagsimula sa iyong job search.

Huwag mahiyang pumunta at humingi ng tulong!